THE GOSPEL EXPLAINED

# Hindi Nahihiya

WEEK 1

## WARM-UP

- Mayroon bang bagay o produkto na nakatulong sa iyo nang husto kung kaya't hindi mo mapigilang magkuwento sa iba tungkol dito?
- Magkuwento tungkol sa isang bagay na nakamit o napagtagumpayan mo noong bata ka na ipinagmamalaki mo hanggang ngayon.
- Alalahanin ang isang pagkakataon na nakatanggap ka ng isang napakagandang balita. Tungkol saan ito at paano nito naapektuhan ang buhay mo?

## WORD

*[16]Hindi ko ikinakahiya ang Magandang Balita tungkol kay Cristo, dahil ito ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng lahat ng sumasampalataya—una ang mga Judio at gayon din ang mga hindi Judio. [17]Sapagkat ipinapahayag sa Magandang Balita kung paano itinuturing ng Diyos na matuwid ang tao, at ito'y sa pamamagitan lang ng pananampalataya. Ayon nga sa Kasulatan, "Sa pananampalataya mabubuhay ang matuwid."*

**MGA TAGA-ROMA 1:16,17**

Sa simula ng liham sa mga Taga-Roma, ipinakilala ni Pablo ang kanyang sarili bilang isang apostol mula sa Diyos na pinili Niya at tinawag para sa ebanghelyo, o ang Magandang Balita. Siya ay tinawag upang mangaral sa mga tao sa iba't ibang antas ng buhay, at sineryoso niya ang tawag na ito at malugod na tinanggap. Ngayon, tignan natin kung ano ang nagbigay kay Pablo ng lakas ng loob na ipangaral ang ebanghelyo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa ebanghelyo na nakapagliligtas sa atin at nagdadala sa atin sa tamang relasyon sa Diyos. Ipanalangin na patuloy na lumalim ang ugnayan mo sa Kanya at na ito ay maging dahilan upang hangarin din Siya ng ibang tao.
- Ipanalangin na patuloy kang lalago sa pagkakaunawa mo sa kapangyarihan ng ebanghelyo. Ipanalangin na ang buhay mo ay magiging patotoo sa kung paano binabago ng ebanghelyo ang mga tao at ginagawa silang katulad ni Cristo.
- Ipanalangin na hindi mo ikakahiya ang ebanghelyo at magkakaroon ka ng pananabik at lakas ng loob na ipangaral ito sa iyong mga kapamilya at kaibigan.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

## 1 Ang ebanghelyo ay ang Magandang Balita.

*Hindi ko ikinakahiya ang Magandang Balita tungkol kay Cristo . . .*
**MGA TAGA-ROMA 1:16**

Ang salitang "ebanghelyo" ay nangangahulugang "magandang balita." Ang Magandang Balita na ipinapangaral ni Pablo ay ang kaligtasan na napagtagumpayan ni Jesus para sa sangkatauhan. Sa kabila ng kanyang nakaraan bilang isang tagausig ng mga mananampalataya ng Magandang Balita, nakatagpo ni Pablo si Jesus at naging isa sa mga matapat na disipulo at tagapagturo ng ebanghelyo. Hindi niya ikinahiya ang bago niyang pananampalataya kay Cristo. Ano ang nangyari noong una kang naniwala sa ebanghelyo?

## 2 Ang ebanghelyo ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng lahat ng mananampalataya.

*Hindi ko ikinakahiya ang Magandang Balita tungkol kay Cristo, dahil ito ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng lahat ng sumasampalataya—una ang mga Judio at gayon din ang mga hindi Judio.* **MGA TAGA-ROMA 1:16**

Sa pamamagitan ng sakripisyo ni Jesus sa krus, pinatawad Niya ang ating mga kasalanan, pinalaya tayo sa kapangyarihan nito sa ating buhay, ibinalik tayo sa tamang ugnayan sa Diyos, tinulungan tayong gumaling, at iniligtas tayo mula sa impiyerno. Dahil sa ebanghelyo, makakapiling natin ang Diyos habambuhay. At ang Magandang Balitang ito ay hindi lamang para sa isang grupo ng tao—para ito sa lahat ng naniniwala kay Jesus. Ayon sa Juan 3:16, bakit at paano iniligtas ng Diyos ang mundo?

## 3 Ang ebanghelyo ang nagdadala sa atin sa tamang relasyon sa Diyos.

*Sapagkat ipinapahayag sa Magandang Balita kung paano itinuturing ng Diyos na matuwid ang tao, at ito'y sa pamamagitan lang ng pananampalataya. Ayon nga sa Kasulatan, "Sa pananampalataya mabubuhay ang matuwid."* **MGA TAGA-ROMA 1:17**

Ang Magandang Balitang ito ay hindi lamang tungkol sa kung paano tayo iniligtas ng Diyos mula sa kasalanan at sa bunga nito. Kung maniniwala tayo sa ebanghelyo, ituturing tayo ng Diyos na matuwid—mayroon na tayong tamang relasyon sa Kanya. Ito ay isang bagay na hindi natin mapag-iipunan. Ang pagkakaroon ng tamang relasyon sa Diyos ay natatanggap natin sa pamamagitan ng pananampalataya. Paano mo naranasan ang tamang ugnayan sa Diyos?

## APPLICATION

- Ano ang humahadlang sa iyo upang hindi ikahiya ang ebanghelyo? Ano ang isang katotohanan mula sa Kasulatan na makakatulong sa iyo upang mapagtagumpayan ang hadlang na ito?
- Basahin, pag-aralan, at kabisaduhin ang Mga Taga-Roma 1:16 ngayong linggo. Paano ka pa mas magiging masigasig sa pangangaral ng ebanghelyo sa ibang tao?
- Pangalanan ang isang kaibigan o kapamilya na maaari mong bahaginan ng ebanghelyo ngayong buwan. Mangakong makikipagkita at ipapanalangin ang taong ito.